**INTERNATIONAL NAPASA (February 4th 2025)**

## 1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG DISYEMBRE SA LOOB NG SIYUDAD

12月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng Disyembre ay nagkaroon ng kabuuang 21 na kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Shinomiya na may 3 kaso, at tag-2 kaso naman sa Beniyacho at Amanuma. Kahit nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng ***CABLE LOCK*** na mabibili sa mga ***HOME CENTER.***

Nagkaroon rin ng kabuuang 6 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo lalo na sa lugar ng Kurobegaoka na may 2 kaso. Ipinapayong kapag ipinarada ang motorsiklo, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan rin ng kandadong panlaban sa magnanakaw.

## 2)IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN ・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa February 9 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na "***SUNSUN ・MARCHE"*** sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211).**

## 3)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa February 15 (Saturday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***KASHIMA ANTLERS.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda, at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 4)PAGPAPAALAM UKOL SA PAGSASANAY NG PAGSASAHIMPAPAWID NG J ALERT

Ｊーアラートの試験放送のお知らせ

Sa February 12 (Wednesday) ay gaganapin ang pagsasanay ng pagsasahimpapawid ng ***J-ALERT*** dito sa Hiratsuka City. Ang ***J-ALERT*** ay isang sistema na babalang alarma ng pagsasahimpapawid sa boung bansa kung may inaakalang pag-atake ng missile o may malaking sakunang magaganap. Ang oras ay mga 11:00 ng tanghali. Ipinapayong mag-ingat na huwag itong pagkamalang totoong ***J-ALERT*** na babala. Para sa iba pang katanungan ay tumawag lamang sa ***RISK MANAGEMENT SECTION (KIKI KANRI KA)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-9863 ( 0463-21-9863 ).**